

Deklarasyon ng Pagpapalakas sa Countermeasures ng Gifu para Maiwasan ang Medical Crisis (Buod)

Napagpasyahan : 2022 Disyembre 23
Panahon ng Pagpapatupad : 2022 Disyembre 23~2023 Enero 22
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Ang bilang ng mga bagong positibong kaso bawat araw sa Prepektura ay nalalapit maabot ang parehong bilang noong 7th Wave ng summer dahil lumampas na sa 3,000 bawat linggo ang average cases at ang hospital beds occupancy rate ay nananatili sa humigit-kumulang 50%.

Kasabay nito, nagiging seryosong sitwasyon maliban sa COVID-19 ang 'problema sa delay ng access sa mga routine at nonemergency medical care'.

Bilang karagdagan, ang panganib ng impeksyon mismo ay hindi maaaring maliitin o ipagsa walang bahala.

Ang mga covid aftereffects ay malaki ring panganib. May mga kaso kung saan ang mga pasyente ay pabalik-balik sa ospital sa loob ng halos 1 taon, at mga kaso kung saan sila ay napipilitang mag-leave of absence sa trabaho o paaralan.

Depende sa mga aksyon ng bawat isa, maaaring hindi natin matugunan ang mga taong gusto nating makita dahil sa impeksyon sa ating sarili o sa ating mga pamilya, at ang bilang ng mga kaso na nagpapahirap sa pangangailangan ng emergency ambulance ay tataas sa Year-end at New Year.

Upang maiwasan ang ganitong sitwasyon, inilalabas namin ang "Gifu Prefecture Declaration for Strengthening Measures to Prevent Medical Crisis".

Hinihiling namin sa lahat ng mamamayan ng Prepektura ng Gifu na sundin ang mga sumusunod na hakbang upang maprotektahan ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba pang taong malapit sa kanila.

Hinihiling na Kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu:

- Agarang pagpapabakuna
- Masusing pagpapatupad ng pangunahing preventive countermeasures sa pag-iwas ng impeksyon
- Gumamit lamang ng mga emergency services at ambulansya kung talagang kinakailangan
- Iwasan ang mga kilos na hahantong sa pagkalat ng impeksyon, tulad ng pagpunta sa mataong lugar o mga lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon tulad ng mga New Year events.
- Maingat na isaalang-alang ang pagpunta sa mga kainan at inuman na may malaking bilang ng tao at mag-suot ng mask kapag makikipag-usap.
- Maingat na isaalang-alang ang pagpunta sa malaking events